PAGBABAYAD SA SISTEMANG KUNG TAWAGIN AY LEVEL PAY PLAN:

Ang halaga ng iyong utility bill ay nagbabago buwan-buwan, depende sa kung gaano ang iyong konsumo ng enerhiya. Halimbawa, sa mas mainit na mga buwan sa tag-init, maaring mas malaki ang iyong konsumo ng elektrisidad para mapalamig ang loob ng iyong bahay. Malaking alalahanin sa sinuman ang makatanggap nang biglang pagtaas ng babayaran. Sa pamamagitan ng pag e-enrol sa Level Pay Plan, pwede kang magbayad ng parehong halaga sa iyong utility bill buwan-buwan. Makakatulong ito sa iyong pagbabadyet, at maiiwasan ang biglang paglaki ng babayaran.

NOTE (TANDAAN): *Kung ang enerhiya mo ay mula sa Pacific Gas and Electric Company (PG&E) ang program ay tinatawag na **Balanced Pay Plan**. Iba ang pangalan, pero pareho lang ang programang ito sa Level Pay Plans ng ibang utility companies*

PAANO GINAGAWA

Rerebyuhin ng utility company ang iyong mga bills sa nakalipas na 12 buwan para malaman kung gaanong enerhiya ang tipikal na ginagamit mo. Ibabase ng kompanya ang iyong bagong Level Pay Plan na babayaran sa nakalipas mong paggamit sa pag-average ng iyong mga nakaraang bills.

Mahalagang maunawaan na ang Level Pay Plan ay hindi babawasan o pababababain ang halaga ng iyong bill. Tungkulin mo pa ring bayaran ang LAHAT ng enerhiyang iyong nakonsumo. Ang Level Pay Plan ay ginagawa lamang pare-pareho ang mga binabayran mo para makatulong sa iyong makapag-budget nang mas maayos.

Ang average na ito ang buwanang halaga na babayaran mo sa bagong plano. Magbabayad ka ng parehong halaga sa bill kada buwan. May mga buwan na magbabayad ka para sa mas mataas na konsumo ng enerhiya kaysa sa tunay mong nagamit, at sa ibang mga buwan magbabayad ka para sa mas kaunting konsumo kaysa sa tunay mong nagamit.

Kada ilang mga buwan, rerebyuhin ng utility company ang aktuwal mong nakonsumong enerhiya at ikokompara ito sa halagang ibinayad mo. Kung mas maliit ang ibinayad mo para sa enerhiyang nagamit mo, kailangan mong bayaran ang kakulangan hanggang ang lahat ng utang ay mabayaran. Kung nagbayad ka nang sobra kaysa sa nagamit mo, ike-credit ito sa iyong account. I-a-adjust ang halaga ng iyong bagong buwanang bayad para makita ang pinakabagong aktuwal na konsumo ng enerhiya.

Bagamat ang Level Pay Plan program ay pareho sa bawat utility company, may mga kompanya na nagrerebyu at pinag-aaralan ang mga pagsingil tuwing ikatlong (3) buwan habang ang iba naman ay pinagaaralan ang halaga ng sinisingil tuwing ikaanim (6) na buwan. Ang iyong lokal na organisasyon na CHANGES ay makapagbibigay-linaw tungkol sa mga detalye ng muling pagtatasa ng mga utility companies sa iyong lugar. Ituturo rin sa iyo ng iyong organisasyong CHANGES kung paano tukuyin ang iyong aktuwal na konsumo at ikokompara ito sa halagang binayaran mo sa Level Pay Plan.

MAKABUBUTI BA SA IYO ANG LEVEL PAY PLAN?

Maaring mabuti ang pagpili ng Level Pay Plan kung gusto mong malaman ang eksaktong halaga ng babayaran mo para sa iyong gastusin sa enerhiya sa maraming mga buwan. Dapat ka ring maghandang bayaran ang karagdagang mga singil kada ilang mga buwan kapag ang kompanya ay nagsagawa ng rebuy ng iyong konsumo at isinaayos ang singil na nababatay sa nakonsumong kuryente.

MGA KOSTUMER NA HINDI MAKIKINABANG

Bagamat ang iyong babayaran ay walang pagbabago buwan-buwan, tuwing ilang buwan ang iyong utility company ay magsasagawa ng rebyu na maaring magresulta sa pagsingil o pagkakaroon ng charge kung ang iyong konsumo ay lumaki. Kung sa tingin mo ay mahihirapan kang magbayad ng dagdag na halaga pagkatapos ng rebyu, ang Level Pay Plan ay marahil hindi ang pinakamagaling na plano para sa iyo.

Ang iyong organisasyong CHANGES ay makatutulong sa iyong mag-enrol sa Level Pay Plan. Pwede rin itong magtsek ng iyong mga bills, tulungang sagutan ang mga papeles, kausapin ang utility company para sa iyo, at sumagot sa iyong mga tanong at/o mga alalahanin.

Kontakin ang iyong lokal na organisasyong CHANGES para humingi ng tulong:

Community Help and Awareness of Natural Gas and Electricity Services
"CHANGES"

การเปลี่ยนแปลง · ცვლილებები · cambios · تغيرات · 變化 · 변경 · mudanças · thay đổi · изменения · changements · փոփոխություններ · mga pagbabago

Ang CHANGES ay isang programa ng California Public Utilities Commission
www.cpuc.ca.gov